# Tugma ng Buhay kong Payak

Si Guyang Tandang

Si Guyang Tandang ay muli na namang tatalak - talak.
“Bok bok bok bok” ang matinis niyang iyak.
Mabuti na lang at sa nakatagong pulang balde,
May madadampot, may mahahagis sa ere.
Kung kaya’t si Guyang Tandang ngayon ay tutuka - tuka.
Tuka sa kanan, tuka sa kaliwa.
Tahimik si Guyang kapag may laman ang bunganga.

## Langit ng Daigdig

Magmadali ka, Ana!
Asul na naman ang pisngi ng langit.
Si Tatay sa malayo namimingwit,
Si Nanay kumekendeng, umaawit.

Sa malawak tara na at magpahangin, Ana!
Ubeng sorbetes hawakan sa kanan.
Si kuya sa kaliwa may kasamang kasintahan,
Si ate at bunso naman, sa initan naghahabulan.

Halina't mag lublob sa langit nitong daigdig, Ana.
Iwasan ang along mataas, hanapin mo  na rin ang perlas.
Sumisid hanggang bukas, basta at huwag limutin ang batas,
Sa makikita ng mata, lamang tayo ay ligtas.

## Aso naming Bantay

Lima kaming tao sa bahay.
Ako, si JC, si Sally,
si Nanay, at si Tatay.
May kuwentuhan at kantahan sa gabi,
Lahat may trabaho sa pagsapit ng liwayway.
Subalit buhay mas naging makulay
Noong dumating si Kemay,
Ang aso naming bantay.

Bulaklaking Hardin

Oh, kay ganda ng mundo!
Sa Lumikha, ako ay saludo!
Pintura ng langit ay bughaw,
Tawag ng dagat ay nakaka-uhaw.

Kahit mga ibon at mumunting paru-paro.
Mga isda sa batis at naglalakihang mga lobo.
Ang tugon rin nila'y,
Napakaganda nitong mundo.

Sa umaga, may araw na babati
Kasama si tandang na walang pagod kung tumili.
Tuwing hapon, may biskwit, gatas at kapeng nakahain
Sa mahalimuyak at bulaklaking hardin.

Sampaguita

Binti ko ngayon ay labis na namamaga.
Nilakad tatlong kanto gamit ang sobrerong pahaba.
Paghalik ni Nanay, pisngi kakangiti namaga.
Lunes na naman, nakakapanabik na umaga.

Ano kaya ang ituturo ni Ginang Dilaw?
Sukat at tugma o maaring kanta at sayaw.
Saan ako naka-upo? Sa unahan.
Leksyon ni titser akin talagang pinakikinggan.

Bago ang uwian, kalat ko muna ay ililigpit.
Mga libro at kuwaderno, aayusing muli sa gilid.
At kung makita si Aling Martha, ako ay bibili ng sampaguita
Para kay Nanay na naghihintay, nang nakangiti sa bintana.

Bibing Kuting

Maganda na naman ang aking gising.
May tuyo, okra, at kamoteng sa mesa’y nakahain.
Mayroon pang luntian, dalandan, at mga kakanin.
Panibagong lakas para sa pag-abot ng mithiin.
Oh Titser, saglit lamang, ako ay hintayin.
Ako muna ay hahalik kay Bibing,
Ang aming puting kuting na malambing.

Tinola ni Nanay

Mabuhay! Mabuhay!
Ihanda na ang kapayas at malunggay.
Mutya ng Lungsod si Inday!
Nasaan ang manok na malusog?
Pakikuha ng itlog, itlog na mabilog.
‘Pagkat sa bawat tagumpay,
Tinola ang niluluto ni Nanay.

Matalik kong Kaibigan

Si Inay ay matalik kong kaibigan.
Noo ko'y lagi niyang hinahalikan.
Kinakantahan niya ako sa ilalim ng buwan.
Balikat niya ay laging masasandalan.
Puwede ko rin siyang kwentuhan,
Kuwentong nakakaiyak, at kung ano pa man.
Alam ko hanggang sa walang hanggan,
Ang Ina ko ay aking kaibigan.

Panaginip Iguguhit

Bakit bangka ay wala sa laot?
Sirena niyan ay malulungkot.
Mag damag paikot - ikot,
Isda nabubukot.

Bakit walang pipit sa kahoy?
Ha! Sinong tumaboy?
Lagot ang bumato kay Ikoy.
Kaninong kusina aking na - aamoy?

Bakit walang tala sa langit?
Ulap ba'y makukulit?
Sinungkit! Sinungkit!
Panaginip na lang ay iguguhit.

Laminin

Paalam Kapitan Mangga.
Pangalan ko ay inukit nang madiin sa iyong sanga.
Tamis mo ay mananatili sa aking munting ala - ala.

Paalam bangkito ni Duday.
Maliit, may sandalan, at rosas ang kulay.
Pahinga ka ng lahat sa hapong matamlay.

Paalam lumang baul ni Lola.
Iniingatan mong mga susi ay hindi na makita.
Pakibantayan na lamang kaniyang matatamis na gunita.

Sa paglisan namin, mamaya pagsapit ng silim,
May iisang bagay lamang akong dadalhin
Walang ibang pipiliin, kung 'di ang oso kong si Laminin.